SOCIAL SCIENCE DILIMAN
12:2 July—December 2016
55 – 77
ISSN 1655-1524 Print
ISSN 2012-0796 Online

ARTICLE

# Pagpopook ng Kapangyarihang Politikal: Prosesong Elektoral sa Lalawigan ng Tayabas, 1846–1895 (Contextualizing Political Power: Electoral Process in the Province of Tayabas, 1846–1895)

**Gilbert E. Macarandang**

ABSTRAK

Sinusuri sa artikulong ito ang kapangyarihang politikal ng simbahan, estado, at katutubong elit sa konteksto ng halalang lokal, lalo na sa paghalal ng gobernadorcillo, sa Lalawigan ng Tayabas mula 1846 hanggang 1895. Nakapaloob sa mga batas, dekreto, at sirkular ng pamahalaang Espanyol ang prosesong elektoral at pamamaraan para sa pagpili ng gobernadorcillo. Ang mga batas panghalalang tatalakayin sa artikulong ito ay ang Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768; Circular de 5 de Octubre de 1847; at Real Decreto de Mayo 19 de 1893. Tatalakayin din sa pag-aaral na ito kung paanong ang pamahalaang Espanyol ay naglatag ng mga repormang panghalalan para pigilan ang pagmamalabis sa kapangyarihan mula sa simbahan at estado. Kasama sa reporma sa prosesong elektoral ang pagpapantay ng kapangyarihan na ipinatupad sa pamamagitan ng sistemang politikal na tinatawag na *check and balance*.

MGA SUSING-SALITA

kapangyarihang politikal, prosesong elektoral, batas panghalalan,
lokal na naghaharing-uri, kolonyalismong Espanyol

ABSTRACT

This article examines the political power of the church, state, and local elite in the context of the local elections, particularly the elections of the gobernadorcillo, in the Province of Tayabas from 1846 to 1895. Contained in the laws, decrees, and circulars of the Spanish

government were the electoral process and method for the election of the gobernadorcillo. The election laws that will be discussed in this article are the Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768; Circular de 5 de Octubre de 1847; and Real Decreto de Mayo 19 de 1893. This research will also discuss how the Spanish government instituted electoral reforms to prevent the abuse of power from the church and state. Part of the reform in the electoral process was to preserve the balance of power which was implemented through the political system called "check and balance".

KEYWORDS

political power, electoral process, election laws, local elites, Spanish colonialism

## Introduksiyon

Ang halalan ay itinuturing na mahalagang gawaing politikal noong ikalabing-siyam na dantaon kung kailan nagaganap ang pagpili sa magiging pinuno ng mga bayan sa Pilipinas. Nakapaloob sa mga batas, dekreto, at sirkular na ipinatupad sa panahon ng kolonyalismong Espanyol ang prosesong kailangang sundin sa halalan para maging lehitimo ang kapangyarihang politikal ng mga mapipiling *gobernadorcillo* (pinuno ng bayan) ng Pamahalaang Sentral sa Maynila (May, 1987, 30). Sinasalamin ng mga batas panghalalan ang pagnanais ng pamahalaang Espanyol na maging maayos ang sistemang politikal sa bansa partikular ang lokal na pamamahala ngunit hindi naging madali ang pagsasakatuparan nito sapagkat makikita sa prosesong elektoral kung paano nagtutunggalian ang mga maykapangyarihan sa lipunan tulad ng simbahan, estado, at *principalía* (katutubong elit) para sa pagkontrol ng politika sa *pueblo* (bayan).

Sa perspektiba ng mga Espanyol, ang proseso ng pagpili sa gobernadorcillo ay nagaganap sa halalan. Ang pinipili sa halalan ay tatlong kandidato sa pagka-gobernadorcillo na ipinapadala sa gobernador heneral na siyang magtatalaga nang magiging pinuno ng pueblo. Pinanatili ang ganitong proseso ng pagtatalaga sa gobernadorcillo upang ipakitang nasa ilalim sila ng kapangyarihan ng pamahalaang Espanyol. Kung susuriin ang prosesong elektoral, maituturing lamang na halal ang isang opisyal kung pinili at itinalaga siya ng gobernador heneral (Noceda at San Lucar, 1832, 161). Kahit nakasalalay sa gobernador heneral ang pagpili sa gobernadorcillo, ipinapakita sa halalan ang pagpipilit ng ilang kasaling institusyon na maging makapangyarihan sa lipunan sapagkat eksklusibong gawaing politikal ito ng mga naghaharing uri tulad ng kura paroko, gobernador sibil, at principalía. Sa pagsusuri, mapapansin na tanging ang mga principalía sa grupo ng mga naghaharing uri ang hindi Espanyol kung kaya't masasabing kinakasangkapan lamang sila sa tunggaliang ito sa pagitan ng simbahan at estado para sa pansariling interes ng dalawang nasa huli. Para sa simbahan, ang mga principalía ay katulong nito sa pagpapanatili ng ugnayang espiritwal ng mga prayle at katutubo

samantalang katuwang naman ang mga ito ng estado para sa pagpapatupad ng mga sistemang pampolitika, kabilang dito ang ugnayan sa kanilang nasasakupan.

Isinasantabi sa halalan ang mga nasa laylayan sapagkat hindi naririnig ang kanilang boses o walang pagbanggit sa kanilang uri na nakikisangkot sa prosesong elektoral. Kaya naman, palaging nababanggit sa mga dokumentong sinuri ang mga salitang Espanyol na principales, *jueces* (mula sa salitang "juez" na may kahulugang pinuno o hepe), *tenientes* (tenyente), gobernadorcillos, *alguaciles* (konstable), cabezas de barangay, at *testigos acompañados* (saksi o testigo na pumipirma sa katitikan ng eleksiyon) bilang pagpapatunay sa pananaig ng uring principalía sa halalan noong ikalabing-siyam na dantaon. Pisikal na isinasantabi ang mga nasa laylayan maging sa okasyon ng pagsasagawa ng halalan sapagkat hindi sila maaaring pumasok sa Casa Tribunal. Itinatanghal sa okasyong ito ang kapangyarihang politikal ng mga naghaharing uri samantalang itinuturing na tagapagmasid lamang ang mga uring nasa laylayan.

Nagaganap sa prosesong elektoral ang negosasyon sa hidwaan ng mga naghaharing uri sa lipunan. Binubura, sa ganitong konteksto, ang dikotomiya ng gilid at sentro at umiiral ang pagpapantay ng kapangyarihang politikal dahil sa mapagtimbang na katangian ng prosesong ito—kahit na hindi ito inaasahan. Hindi lahat ng usapin sa pagpapantay ng kapangyarihan ay nakatutulong sa pangkalahatan sapagkat maaaring ginagawa ang negosasyon upang mapanatili pa rin ang lihim na interes ng mga naghaharing uri sa lipunan. Ang tunggalian ng kapangyarihang politikal ng mga institusyon (simbahan, estado, at naghaharing-uri) sa lipunang kolonyal ay isinasakonteksto sa pamamagitan ng pagsusuri sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768; Circular de 5 de Octubre de 1847; at Real Decreto de Mayo 19 de 1893. Bilang paglalapat nito, sinusuri sa pag-aaral ang halalang lokal sa Lalawigan ng Tayabas mula 1846 hanggang 1895.

## Pagsasantabi sa kapangyarihan ng simbahan sa konteksto ng Ordenanzas de Buen Gobierno, 1768

Ang *Ordenanzas de Buen Gobierno* (Ordinansa ng Mabuting Pamahalaan) ay isinabatas noong 26 Pebrero 1768 (Carlos, 1996, 10). Ipinatupad ito sa panahon ng pamumuno ni Don Simon de Anda, ang itinalagang gobernador heneral sa Pilipinas noong 1768. Sa kaniyang isinulat na memoryal noong 12 Abril 1768, inilarawan ni Anda ang nakalulungkot na kondisyon ng Pilipinas dahil sa pangingibabaw ng kapangyarihan ng simbahan. Ginamit ng mga prayle ang relihiyong Kristiyano para gawing alipin ang mga Indio. Nais ni Anda na muling ibalik ang kapangyarihan ng estado at kilalanin ang pagturing sa gobernador heneral bilang kinatawan ng Hari sa Pilipinas (Blair at Robertson, 1907, 137). Sa kontekstong ito, mahalaga ang pagsasagawa ng halalan sa Pilipinas sapagkat ipinakikita nito ang paglulugar ng kapangyarihang politikal ng estado at pagsasantabi, sa kabilang banda, sa impluwensiya ng simbahan sa usaping pampolitika.

Hindi ikinababahala ng kura paroko ang pagsasantabi sa kanila sa prosesong elektoral sapagkat nagawa pa rin nilang ilagay sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo ang mga katutubong elit na kaalyado nila. Gumamit sila ng mga estratehiyang politikal na pinahihintulutan ng Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768 para maitalaga ang kaalyado nilang kandidato sa pagka-gobernadorcillo. Kalimitang naitatalagang gobernadorcillong kaalyado ng kura paroko ang mga sakristan, *fiscalillo* (piskal ng simbahan), at *maestro de cantor* (pinuno ng koro). Sa ganitong pamamaraan, nagagawang kontrolin ng kura paroko ang politika sa pueblo sapagkat kaalyado niya ang mga gobernadorcillong itinatalaga bilang empleyado ng simbahan. Kaya naman, ginawang repormang panghalalan ng pamahalaang Espanyol noong 5 Oktubre 1847 ang pagbabawal sa sinumang kandidatong nagtatrabaho sa simbahan.

Ginawang *comandancia político-militar* (lalawigang nasa ilalim ng pamumuno ng politiko-militar) noong 1842 ang Lalawigan ng Tayabas dahil sa banta ng pag-aalsa ng mga naiwang kasapi ng Cofradía de San Jose ni Apolinario de la Cruz o mas kilala sa tawag na Hermano Puli noong 1841. Nagpatuloy ang pagiging político-militar nito sa ilalim ng pamumuno ni Don Manuel Biel noong 1846 at binubuo ito ng 17 yunit politikal. Kasamang tungkulin niya bilang político-militar ang pangunahan ang isinasagawang halalan sa Lalawigan ng Tayabas. Masasalamin ang kapangyarihang politikal ni Biel sa prosesong elektoral sapagkat siya ang nagbibigay ng rekomendasyon sa Pamahalaang Sentral ng Maynila para sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo. Malaking impluwensiya sa desisyon ng gobernador heneral ang nominasyon at rekomendasyon ni Biel para sa magiging pinuno ng mga bayan sa Lalawigan ng Tayabas.

Sa pagsusuri ng mga dokumento para sa halalan noong 1846, may pagkakataong humihingi si Biel bilang gobernador militar ng payo sa kura paroko hinggil sa kaalaman ng mga nominado sa wikang Espanyol sapagkat batid niya ang umiiral na ugnayan ng mga principalía sa simbahan (Elecciónes de Gobernadorcillos (EDG), 1846). Kaya nga, masasabing ito ang dahilan kung bakit hindi tuwirang tinanggalan ng karapatan ang kura paroko na dumalo sa halalan kung nanaisin niya subalit limitado lamang ang kaniyang gawain sa pagbibigay ng payo, at maliban dito, hindi niya maaaring pakialaman ang buong proseso ng halalan. Nakasaad sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768 ang komposisyon ng *votantes* (botante) na may kapangyarihang bumoto. Ayon sa aklat na *The Philippine Islands, 1493–1803* nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (1907):

> 79. Ang maaaring bumoto sa halalan ay binubuo ng 12 nakatatandang cabeza de barangay. Kung alinman sa mga ito ang hindi makadadalo, dahil sa sakit o ibang dahilan, ang sapat na bilang upang mapunuan ang kulang ay mangagaling sa hanay ng mga cabeza de barangay ngunit kailangang isaalang-alang sa pagpili ang mga

nakatatanda. Kung hindi sapat ang bilang ng mga cabeza de barangay, kailangang ang bilang ng mga botante ay manggagaling sa nakatatandang kasapi ng bayan. Kasama nilang boboto ang papalitang gobernadorcillo, at kailangan nilang pumili ng tatlong mapagkakatiwalaang tao para sa posisyon ng gobernadorcillo, na may ulat hinggil sa bilang ng boto na kanilang nakuha. (254)

[79. The voters in the elections shall be the twelve senior cabezas de barangay. If any of these are absent, by reason of sickness or other cause, the number shall be completed from the other cabezas de barangay, observing strict seniority always. If there are not enough cabezas de barangay, the number of twelve voters shall be completed from the senior notables of the village. With these the retiring gobernadorcillo shall vote, and they shall nominate three trustworthy persons for the post of gobernadorcillo, reporting the number of votes received by each. (254)]

Kung susuriin ang nabanggit sa batas panghalalan sa itaas, binibigyan ng karapatang mapili bilang botante ang mga nakatatandang cabeza de barangay. Kung hindi mapupunuan ang bilang ng mga cabeza de barangay para maging votantes—ginamit na termino sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768 na tumutukoy sa piling indibidwal na maaaring bumoto sa isinasagawang halalan, maaaring kumuha ng kasapi nito mula sa hanay naman ng mga nakatatandang miyembro ng pamayanan o bayan. Kung gayon, ipinapakita nito na kinikilala at iginagalang sa lipunang Pilipino ang mga nakatatanda sa usaping pampolitika tulad ng halalan. Mauugat ito sa sistemang pampolitika ng sinaunang pamayanan kung saan ang konseho ng mga matatanda (council of elders) ang binibigyan ng kapangyarihan ng lipunan upang pumili sa maaaring maging pinuno tulad ng pagiging rajah sa Visayas.

Sa isinulat na katitikan para sa halalan sa Lalawigan ng Tayabas, binabanggit ang mga pariralang Espanyol na "con arreglo en un todo al Capitulo 79 de las ordenanzas de buen gobierno" (alinsunod sa Kapitulo 79 ng Ordinansa ng Mabuting Pamahalaan) bilang patakarang sinusunod sa prosesong elektoral sa pagpili ng gobernadorcillo sa Lalawigan ng Tayabas (EDG, 1846). Nilalaman ng nasabing kapitulo ang gusali at petsa ng halalan na itinatakda ng Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768. Ayon kina Blair at Robertson (1907):

79. Kinakailangang isagawa ang halalan sa simula ng bawat taon sa Casa Real at hindi kahit saan. Kung gaganapin ito sa ibang lugar, ituturing itong walang bisa alinsunod sa ordinansa ni Arandia Blg. II; at ang alcalde o hukom na lalabag sa kautusang ito ay papatawan ng multa; at ang notaryo na gumagawa ng mga talaan ay mawawalan ng katungkulan. (254)

[79. Elections shall be held at the beginning of each year, in the royal buildings, and nowhere else. If held elsewhere, they shall be considered null and void, according to Arandia's ordinance no. II; and the alcalde or justice violating this order shall be fined, and the notary making the records shall lose his office. (254)]

Sa kaso ng Lalawigan ng Tayabas, isinasagawa ang halalan sa buwan ng Nobyembre, o maaga nang dalawang buwan alinsunod sa itinatakdang petsa ng batas panghalalan. Sa praktikal na dahilan, pinayagan ang pagsasagawa ng halalan sa buwan ng Nobyembre upang magkaroon ng sapat na panahon/oras ang alcalde mayor para sa pagpapadala ng *terna* sa Maynila. Ang terna ay listahan ng tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo na ipinadadala sa gobernador heneral sa Maynila. Ayon sa batas panghalalan, ang nakakuha ng dalawang may pinakamaraming boto ay isasama sa terna kabilang ang pangalan ng gobernadorcillo *actual* (kasalukuyang gobernadorcillo). Mula sa mga pangalan sa terna, pipili ang gobernador heneral ng magiging pinuno ng pueblo (Robles, 1969, 62–63).

Alinsunod sa patakarang panghalalan ng Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768, hindi pinahihintulutan ang pagsasagawa ng halalan sa ibang gusali maliban sa Casa Real at may katumbas na parusa para sa alcalde mayor kung hindi ito masusunod. Maliban pa rito, ipawawalang-bisa ang halalan kung naganap ito sa ibang gusali tulad ng kumbento. Malinaw sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768 na ang halalan ay isang prosesong politikal na hindi maaaring pakialaman ng simbahan. Isinasantabi nito ang kapangyarihan ng prayle at itinataas nito ang pagkilala ng estado sa gobernador heneral bilang kinatawan ng pamahalaang Espanya sa Pilipinas.

Hinihinging kalipikasyon, ayon sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768, ang kaalaman ng mga nominado sa wikang Espanyol. Ibig sabihin, kinakailangang ang mapipiling pinuno ay marunong bumasa, sumulat, at magsalita ng wikang Espanyol. Kinakailangang marunong sa wikang Espanyol ang mga itatalagang gobernadorcillo sapagkat ang mga batas mula sa Espanya noong ikalabing-siyam na dantaon ay dumadaan sa masalimuot na proseso ng lehislasyon (Bankoff, 1992, 691–692). Sa ganang ito, pinapayagan ang gobernadorcillo na kumuha ng empleyado na marunong sa wikang Espanyol na mas kilala sa tawag na papelista o *directorcillo*. May kaalaman ang mga directorcillo sa wikang Espanyol dahil sa kanilang edukasyon. Ayon kay Greg Bankoff (1992, 692):

> Sa katunayan, tungkulin ng directorcillo na pangasiwaan ang lahat ng mga gawaing pampamahalaang isinagawa gamit ang wikang Espanyol, kasama rito ang mga opisyal na ulat, tugon sa mga kautusan ng pamahalaan at lahat ng mga komunikasyon sa mga Europeo. (692)
>
> [In practice, it was the function of the directorcillo to handle all municipal business transacted in Spanish, including official reports, replies to government orders and all communications with Europeans. (692)]

Hindi madaling magkaroon ng kaalaman sa wikang Espanyol sa panahong ito (1846) sapagkat hindi pa isinasabatas ang pagtatayo ng mga pampublikong

paaralan sa bawat pueblo sa Pilipinas. Ang repormang pang-edukasyon ng pamahalaang Espanyol ay magaganap lamang sa pagpapatupad ng Batas Moyano noong 1857 para sa primaryang edukasyon (Concepcion, 2014, 3). Bilang patunay ng kakapusan ng kaalaman ng mga nominado sa pagiging gobernadorcillo sa wikang Espanyol, iniulat ni Biel sa gobernador heneral sa Maynila na ang tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo sa Bayan ng Gumaca ay hindi marunong sumulat, bumasa, at magsalita sa wikang Espanyol. Bunga nito, maaaring kumuha ang gobernadorcillo ng directorcillo na tutulong sa kaniya upang maunawaan ang mga batas at pagsusulatan sa wikang Espanyol (EDG, 1846).

Sa pagsusuri ng katitikang isinulat para sa halalan sa Lalawigan ng Tayabas kasama ang ulat ni Biel para sa Pamahalaang Sentral sa Maynila patungkol sa tatlong nominado para sa pagka-gobernadorcillo, mapapansin ang pag-uulat ni Biel hinggil sa magandang katayuan nila sa lipunan, na mayroon silang maayos na hanapbuhay bilang magsasaka (EDG, 1846). Isinasaalang-alang ni Biel bilang pagsunod sa patakarang panghalalan ng Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768 ang maayos na hanapbuhay ng mga nominado sa pagka-gobernadorcillo sapagkat ito ang magiging batayan ng Pamahalaang Sentral ng Maynila kung mayroong kakayanang magbayad ng *media-anata* ang maitatalaga sa nasabing posisyon. Ang media-anata ay bayad mula sa bagong halal na opisyales. Hindi lamang ito para sa posisyon ng gobernadorcillo kundi kasama rin ang iba pang opisyales ng pamahalaan. Bago payagang manungkulan, napakahalagang tuntunin ng estado ang hilingin silang makapagbayad ng media-anata na katumbas ng kalahati ng kanilang sahod sa isang taon (Robles, 1969, 68).

Kumikita ang pamahalaang Espanyol mula sa koleksiyon ng media-anata. Kaya naman, obligasyon ng mga alcalde mayor at gobernador militar na magpadala ng ulat ukol sa bilang ng opisyales sa kanilang nasasakupang lalawigan. Mahalaga ang ulat na ito sapagkat dito natutukoy ang halaga ng media-anata na kailangan nilang ipadala sa Pamahalaang Sentral ng Maynila. Sa kaso ng Lalawigan ng Tayabas, nagpadala ng ulat si Don Ysidro Vital noong 6 Marso 1842 hinggil sa bilang ng mga opisyal. Ayon sa kaniyang ulat, ang Lalawigan ng Tayabas ay mayroong 17 gobernadorcillos, 106 tenientes, 81 jueces, at 99 alguaciles. Mula sa bilang na ito, nakalikom si Vital ng media-anata na may halagang umaabot sa 250 piso, 3 reales, at 6 granos (EDG, 1846). Mapupunta ang halagang ito sa kaban ng pamahalaang Espanyol. Ayon kina Blair at Robertson (1907):

> 79. Ang mga bayad sa media-anata ay kailangang kolektahin mula sa gobernadorcillo at ibang opisyales at ang halaga ng nasabing bayad ay ilalagay sa pananalapi ng pamahalaan taun-taon. Kailangan namang tiyakin ng mga opisyal na ang lahat ng bayad ay nakuha, at kailangang alamin mula sa mga alcalde at hukom ang bilang ng mga gobernadorcillo sa iba't ibang nasasakupan, upang masuri ang mga talaan nang maayos. (255)

[79. The fees of media-anata shall be collected from all gobernadorcillos and other officials, the amount of such fees being entered in the royal treasury annually. The royal officials, on their part, shall see that all fees are paid, and shall ascertain from the alcaldes and justices the number of gobernadorcillos in the various jurisdictions, so they may check up the records properly. (255)]

Sa Lalawigan ng Tayabas, hinayaan ng simbahan ang estado sa pagsasagawa ng halalan. Sinunod nito ang nais ng pamahalaang Espanyol na hindi pakikialaman ang prosesong elektoral. Batid nilang walang malaking epekto ang halalan sa ugnayan nila sa mga opisyal ng pamahalaan sapagkat nanatiling tagasunod nila ang mga ito sa gawaing pansimbahan. Nakatitiyak ang mga prayle na matibay ang ugnayang nabuo sa pagitan nila at ng mga Tayabasin dahil sa kanilang matagal na pagpapatakbo ng lalawigan (Palad, 2012, 92). Hindi binigyang pansin ng Pamahalaang Sentral ang Lalawigan ng Tayabas dahil sa pagiging di-progresibong lalawigan nito dulot ng heograpikal na lokasyon na napapaligiran ng kabundukan at karagatan. Maliban sa suliraning pangkapaligiran, malaki ang naging epekto sa kalagayang pang-ekonomiya at demograpiya ng lalawigan ang palagiang pagsalakay ng mga Moro. Gayunpaman, ginampanan ng mga prayle ang mga tungkuling dapat sana'y ginagawa ng pamahalaan tulad ng pagpapatayo ng tulay at gusali. Sa kontekstong ito, nakita ng mga Tayabasin ang pagnanais ng mga prayle na mapabuti ang kalagayan ng lalawigan. Kaya naman, nabuo sa kaisipan nila na ituring ang mga prayle bilang kanilang "amo at kaibigan" (Palad, 2012, 98). Makikita ang ugnayang ito maging sa prosesong elektoral sapagkat nagagawang pumili ng mga gobernadorcillong kaalyado ng simbahan tulad ng mga sakristan, fiscalillo, at maestro de cantor.

## Pagpapantay ng kapangyarihang politikal sa konteksto ng Circular de 5 de Octubre de 1847

Ang proseso ng halalan sa pagka-gobernadorcillo bago ang pagsasabatas ng Real Decreto de Mayo 19 de 1893 ay matatagpuan sa "Dekreto ng Pambayang Reporma" (Municipal Reform Decree*)* na ipinatupad noong 5 Oktubre 1847 (Robles, 1969, 62). Sa katitikang isinusulat pagkatapos ng halalan, mababasa ang mga pariralang Espanyol na "con arreglo a la circular de cinco de octubre de mil ochocientos cuarenta y siete" (alinsunod sa Circular de 5 de Octubre de 1847) bilang patakarang panghalalan sa pagpili ng gobernadorcillo (EDG, 1848).

Ayon sa Circular de 5 de Octubre de 1847, binubuo ang mga *electores* (pinalitan ang terminong votantes ng electores bilang pantukoy sa opisyales na maaaring bumoto sa halalan) ng anim na *cabezas actuales* (opisyales ng pamahalaan na kasalukuyang nanunungkulan bilang cabeza de barangay), tatlong *capitánes pasados* (mga dating pinuno sa pueblo na nagsilbi bilang gobernadorcillo), at tatlong *cabezas reformados* (opisyales na dating nagsilbing cabeza de barangay) na nakapagsilbi

nang 10 taon o higit pa. Isinasaad sa Artikulo 3 na pipiliin ang mga electores sa pamamagitan ng *sorteo*, o pagbunot sa kanilang pangalan (EDG, 1848). Kasama ang gobernadorcillo actual sa bilang ng mga electores kung kaya't magiging 13 ang bilang ng botante nito na may karapatang pumili para sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo. Tinukoy ni Clarita Carlos (1996) sa kaniyang aklat na *Election in the Philippines from pre-colonial period to the present*, ang mga kalipikasyong dapat taglayin ng mga electores alinsunod sa Circular de 5 de Octubre de 1847. Ayon kay Carlos:

> Kinakailangang ang mga kasapi ng electores ay mayroong propesyon o may sapat na pinagkakakitaan, hindi naparusahan sa anumang krimen, at kailangang hindi sila nagmamay-ari ng mga bahay-pasugalan. Kinakailangang ang mga kasapi ng electores ay walang pagkakautang sa estado at hindi sumali sa anumang sikretong pagtitipon para sa layuning makakuha ng mga boto o humihingi nito para sa kaniyang sarili o sa kaniyang mga kaibigan. Ang mga lingkod ng alcalde mayor, o ng tenyente-gobernador o ng kura paroko ay pinagbabawalang bumoto o hindi maaaring maging kasapi ng electores. (12)
>
> [Those who composed the body of electors must have a profession or a visible means of livelihood, must not have suffered civil interdiction, and must not own or manage gambling houses. Electors must not also be indebted to the state and must not have taken part in secret meetings for purposes of gaining votes or soliciting them for himself or his friends. Servants of the alcalde mayor, or of the lieutenant governor or of the curate priest were prohibited from voting or were disqualified from being an elector. (12)]

Mas naipaliwanag at naidetalye ng Circular de 5 de Octubre de 1847 ang kalipikasyon ng mga kasapi ng electores kung ihahambing sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768. Binago nito ang pamantayan sa maaaring maging kasapi ng electores, na nakatuon sa kanilang katayuan sa lipunan. Sa Ordenanzas de Buen Gobierno de 1768, votantes ang tawag sa maaaring pumili at bumoto para sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo, samantalang ang terminong electores sa Circular de 5 de Octubre de 1847 ay ginamit bilang pagtataas sa pamantayan ng halalang lokal sa Pilipinas. Kaya naman, masasabing ang pagpapalit ng katawagan sa maaaring bumoto (mula sa terminong votantes tungong electores) ay nagpapakita ng pagbabago sa direksiyon ng halalang lokal sa Pilipinas. Makikita ang pagpapahalaga ng gobernador heneral sa halalan at paggalang sa boto ng mga electores dahil karamihan sa kaniyang itinatalaga para sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo ay umuupo ng unang puwesto sa terna; ibig sabihin, nominadong nakakuha ng may pinakamaraming boto. Sa pagtataas sa kalipikasyon ng mga electores, tinitignan ng gobernadorcillo ang kaniyang sarili bilang makapangyarihang pinuno sa loob ng pueblo.

Nakapaloob sa Circular de 5 de Octubre de 1847 ang pagbabawal sa kasapi ng electores na dumalo sa pagpupulong upang maiwasan ang anumang impluwensiya sa gagawing pagboto ng iba pa nilang kasamahan. Masasabing mahirap patunayan kung mayroong naganap na pagpupulong kung saan naroon ang mga kasapi ng electores maliban sa testimonya o protesta ng ibang kasapi. Sa Lalawigan ng Tayabas, walang naganap na protesta mula sa electores na may naganap na pagpupulong bago ang halalan. Ibig sabihin nito, tinatanggap bilang bahagi ng politika ang pagsasagawa ng pagkilos ng mga kasapi ng electores upang makakuha ng mga boto para sa sinusuportahang kandidato. Kahit ipinagbabawal, nagaganap ang pagpupulong bago ang halalan ngunit hindi ito ipinapabatid sa pamahalaan dahil sa malalim na ugnayan ng mga kasapi ng electores. Sa aklat ni Juan Alvarez Guerra (1887) na *Viajes por Filipinas: de Manila a Tayabas*, pinatutunayan niyang may nagaganap na pagpupulong bago ang halalan sa Lalawigan ng Tayabas, gaya ng nakasaad sa salaysay sa ibaba:

> Ilang buwan bago ang halalan, ang mga kaalyado ng iba't ibang kandidato ay nagsisimulang kumilos. Isinasagawa nila ang panghihikayat, pagbibigay ng mga pangako, at pagkuha ng mga maimpluwensiyang indibidwal upang suportahan sila sa kanilang kandidatura. Muling binubuhay ang pagkakaibigan, inaayos ang anumang di-pagkakaunawaan, at tila lahat ay umaayon sa iisang layunin. Ang posisyon ng pagiging Gobernadorcillo, pagiging Teniente Primero, at pagiging Juez Mayor ang pinakahahangad ng mga kandidato. (224–225)
>
> [Meses antes de la elección empiezaná moverse los partidarios de los distintos candidatos, y estos por su parte menudean las comilonas entre los votantes. Se hacen ofrecimientos, se buscan influencias, se apalabran concesiones, se reanudan amistades, se dirimen odios y todos marchan al objeto que se proponen. El cargo de Gobernadorcillo y los de Teniente Primero y Juez Mayor son los más ambicionados. (224–225)]

Ang mga kalipikasyon para sa posisyon ng gobernadorcillo ay kailangang marunong sumulat, bumasa, at magsalita sa wikang Espanyol. Kasamang kalipikasyong hinihingi ng batas ang mga naging serbisyo niya sa pamahalaan tulad ng pagiging dating *teniente mayor* (nakatataas na tenyente) at cabeza de barangay. Ayon sa batas, ang halalan ay pangungunahan ng alcalde mayor o ng kaniyang kinatawan, at kinakailangang isagawa ito sa Casa Tribunal o Escuela Pública. Hindi ito maaaring gawin sa kumbento sapagkat hahantong sa pagpapawalang-bisa ng buong proseso ang magiging hatol ng kinauukulan bilang pagtupad sa batas panghalalan. Hinihiling na dumalo ang kura paroko ngunit limitado lamang ang kaniyang gawain sa halalan sapagkat hindi niya maaaring pakialaman ang isasagawang botohan ng mga kasapi ng electores (Robles, 1969, 62–63).

Kahit maliwanag sa batas panghalalan na kailangang gawin ang halalan sa Casa Tribunal at hindi sa kumbento, hindi nito ipinagbabawal ang pagdalo ng kura paroko kung nanaisin niya. Sa halalang naganap sa Lalawigan ng Tayabas noong 1848, kung kailan ipinatupad ang Circular de 5 Octubre de 1847, makikita ang pakikiisa ng kura paroko sa gawaing ito ng pagpili sa gobernadorcillo ng pueblo. Hinihilingan siya ng alcalde mayor na basahin ang nakahandang mensahe upang bigyan ng paalala ang mga kasapi ng electores na pangunahing isaalang-alang sa kanilang pagboto ang kapakinabangan ng simbahan at kaharian ng Espanya.

Alinsunod sa Circular de 5 de Octubre de 1847, sinisimulan ang halalan sa pagbibigay ng papel sa electores kung saan isusulat ang pangalan para sa pagka-gobernadorcillo. *Secret balloting* ang ginagamit para sa prosesong elektoral sa pagka-gobernadorcillo (May, 1987, 33). Pagkatapos ng botohan, bibilangin ang mga boto at ang dalawang mayroong pinakamaraming boto ang isasama sa terna, kabilang ang gobernadorcillo actual. Isasailalim naman ang tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo sa ebalwasyong moral at kasanayan sa gawaing pampolitika na isasagawa ng kura paroko, hukom ng Juez de la Instancia, at administrador ng Hacienda Pública. Ipadadala ang ulat sa alcalde mayor na siyang gagawa ng pangkalahatang rekomendasyon sa Superior Gobierno para sa halalan ng isang bayan. Nakasalalay sa gobernador heneral ang pagpili sa posisyon ng gobernadorcillo at karaniwang tumatagal ng isang taon ang paglalabas sa dokumento ng pagtatalaga (EDG, 1848).

Nakasaad sa Artikulo 8 ng Circular de 5 de Octubre de 1847 ang pagpili sa apat na opisyales *teniente primero* (pinunong tenyente)*, juez de sementeras* (pinuno ng agrikultura), *juez de ganados* (pinuno ng pangangalaga sa mga hayop), at *juez de policía* (pinuno ng kapulisan) na magiging katulong ng gobernadorcillo sa iba't ibang larangan tulad ng pagpapaunlad ng ekonomiya at pagpapanatili ng seguridad at kapayapaan sa loob ng pueblo (Robles, 1969, 68). Bilang pagtupad, inilabas ng Gobierno General noong 10 Disyembre 1889 ang kautusan patungkol sa pagpili ng mga *suplentes* (itinalagang opisyales na papalit sa binakanteng posisyon ng teniente at alguacil) para sa tenientes at alguaciles na magiging kapalit ng opisyales kung sakaling hindi nila magampanan ang kanilang tungkulin dahil sa pagkakasakit o pagkamatay ng ibang kasapi/opisyales (EDG, 1848).

Maituturing na repormang politikal para sa proseso ng halalan sa Pilipinas ang pag-iral ng sistemang check and balance dahil sa pakikiisa ng ibang maykapangyarihan para sa pagpili ng magiging gobernadorcillo. Sa dating batas panghalalan, kahit hindi lubusang nagmalabis sa kapangyarihan ang alcalde mayor, masasabing kaniyang tinig lamang ang napapakinggan sa pagpapasya ng magiging pinuno ng bayan. Dahil sa sistemang check and balance, pinipigilan ang pagmamalabis sa kapangyarihan ng iisang institusyon sa lipunan. Sa pagpapatupad

nito sa prosesong elektoral sa Pilipinas, naiiwasan nito ang pagmamalabis ng kapangyarihan ng estado dahil sa isinasagawang pagsusuri ng iba't ibang institusyon sa tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo na makikita sa ulat ng kura paroko, administrador ng Hacienda Pública, at hukom ng Juez de la Instancia.

Isinasaalang-alang ng gobernador sibil ang ulat mula sa simbahan at sangay ng pamahalaan para sa kaniyang gagawing rekomendasyon sa gobernador heneral. Sa pagsusuri ng mga dokumento, kung titingnan ang mga katitikang ginawa mula 1848 hanggang 1875, hindi rito tinukoy ng alcalde mayor kung sino sa tatlong nominado ang nais niya para sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo. Sa taong 1890, ayon sa katitikan, pagkatapos ng ebalwasyong ginawa ng mga institusyon ng pamahalaan at simbahan, may pagbanggit na rito ng pangalang nais niyang maging gobernadorcillo. Bilang patunay nito, maaaring tingnan ang dokumentong naglalaman ng ulat ni Don Salvador Naranjo para sa gobernador heneral patungkol sa nais niyang maging gobernadorcillo sa Bayan ng Atimonan. Ayon kay Naranjo:

> *Senyor*. Ang nasa unang puwesto ng terna ng katitikan ng halalan ay naging Cabeza de Barangay at Juez Mayor de Policía na walang naitalang anumang kasamaan sa kaniyang pamamahala, may mabuting pag-uugali at walang tala ng pagkakasala sa estado, may maayos na kabuhayan, walang pagkakautang sa Hacienda, marunong bumasa at sumulat bagaman hindi nakapagsasalita sa wikang Espanyol. Ang ikalawang puwesto sa terna ay naging Cabeza de Barangay at Teniente Mayor na walang naitalang anumang anomalya sa kaniyang pamamahala, may mabuting pag-uugali at walang tala ng pagkakasala sa estado, walang pagkakautang sa Hacienda, marunong bumasa at sumulat bagaman hindi nakapagsasalita sa wikang Espanyol. Ang nasa ikatlong puwesto ay ang gobernadorcillo actual, may mabuting pag-uugali at walang tala ng pagkakasala sa estado, walang pagkakautang sa Hacienda, nagsilbi nang may kahusayan sa pamahalaan, marunong bumasa, sumulat, at magsalita sa wikang Espanyol. Sa iyong kapangyarihan, kagalang-galang na Senyor, at kung iyong mamarapatin, ay italaga ang nasa unang puwesto ng terna. (EDG, 1890)
>
> [Señor. El propuesto en primer lugar dela terna de esta acta ha sido Cabeza de Barangay y Juez Mayor de Policia sin nota desfavorable, es de buena conducta y antecedentes posee bienes de fortuna, no es deudor a la Haciena, sabe leer y escribir pero no habla al castellano. El propuesta en segundo lugar ha sido Cabeza de Barangay y Teniente Mayor sin nota desfavorable, de buena conducta y antecedentes, no adeuda nada a la Hacienda, sabe leer y escribir pero no habla castellano. El propuesto en tercer lugar que es el actual Gobernadorcillo es de buena conducta y antecedentes, nada adeuda a la Hacienda, ha desempeñado muy bien al cargo y sabe leer y escribir asi como hablar el castellano. En tal concepto, Señor, el esponente opina que puede nombrar si la oportuno, al propuesto en primer lugar de la terna (EDG, 1890)]

Tinipong salaysay mula sa iba-ibang institusyon ng pamahalaan at simbahan ang mababasa sa ulat na ito ni Naranjo. Kung babalikan ang isinasaad ng dokumento patungkol sa unang nominado sa listahan ng terna, sinasabi ritong wala siyang

pagkakautang sa Hacienda. Maaaring mawari, kung ganoon, na ang ulat na ito ay nanggaling sa administrador ng Hacienda Pública. Binanggit pa ni Naranjo na walang tala ng anumang pagkakasala sa estado ang nasa unang puwesto; ibig sabihin, ang ulat na ito ay nanggaling naman sa pinuno ng Juez de la Instancia. Para sa kaniyang kagandahang asal at pagkakaroon ng kaalaman sa wikang Espanyol, ang ulat ay isinulat ng kura paroko. Sa madaling salita, may pagtatasa sa katauhan ng mga nominado sa pagka-gobernadorcillo. Hindi nagpapasya ang gobernador sibil ayon lamang sa kaniyang palagay o kapritso, kundi nakabatay sa alituntunin ng batas panghalalan. Kaya naman, sa pagsusuri ng mga dokumento para sa halalang lokal sa Lalawigan ng Tayabas, walang protestang inihain sa panig ng simbahan sapagkat batid ng mga prayle na sinusunod ng gobernador sibil ang batas panghalalan. Sa kontekstong ito, makikitang iginagalang ng gobernador sibil ang ibang institusyong gumagawa ng ulat patungkol sa kalipikasyon ng mga nominado sa pagka-gobernadorcillo.

Naiiba ito sa kaso ng halalan sa Bayan ng Dolores noong 15 Abril 1890, sapagkat hindi kalipikado sa posisyon ang lahat ng nominado sa terna. Sa ganitong sitwasyon, susuriin ng gobernador sibil ang mga nominado sa terna ayon sa itinatakda ng batas panghalalan. Sa resulta ng halalan sa Bayan ng Dolores, may 11 botong nakuha si Don Raymundo Gutierrez at dahil dito, siya ang unang nominado sa listahan ng terna. Pumapangalawa sa kaniya si Don Mariano Monteiro na may pitong boto. Alinsunod sa Circular de 5 de Octubre de 1847, si Don Claro Amat bilang gobernadorcillo actual ang kumukumpleto sa listahan ng terna. Ayon sa ulat ng kura paroko, sina Gutierrez at Amat ay nagtataglay ng mabuting pag-uugali at dunong sa wikang Espanyol, samantalang si Monteiro, ayon sa balita, ay magnanakaw ng mga kalabaw at walang kaalaman sa wikang Espanyol. Sa ulat ng kura paroko, masasabing tanging si Monteiro ang di-kalipikado sa tatlong nominado para maging gobernadorcillo (EDG, 1890).

Ayon sa ulat ng administrador ng Hacienda Pública (EDG, 1890), si Amat ay may pagkakautang na P50.32, samantalang sina Gutierrez at Monteiro ay lumalabas na walang pagkakautang sa pamahalaan ayon sa tala para sa taong 1883 hanggang 1885. Sa ulat naman ng hukom ng Juez de la Instancia, nahatulang magbayad ng P10 si Gutierrez noong 14 Enero 1880 dahil sa kaniyang pagpapahintulot ng sugal. Lumalabas din sa ulat ng hukuman na si Amat ay may kaso ng pagpatay ngunit napawalang-sala rin kinalaunan kung kaya't kalipikado pa rin siya para maging gobernadorcillo. Ibig sabihin nito, kalipikado rin sina Gutierrez at Amat para sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo dahil nakapagbayad sila ng multa alinsunod sa hinihingi ng hukuman.

Batay sa ulat ng tatlo (kura paroko, administrador ng Hacienda Pública, at hukom ng Juez de la Instancia), si Gutierrez ang pinili ng gobernador sibil upang maging gobernadorcillo ng Bayan ng Dolores. Kahit pa lumalabas na may kaso siya sa hukuman na nag-ugat sa pagpapahintulot ng sugal sa Dolores (EDG, 1890), hindi pa rin ito nakaapekto sa kaniyang pagkatao dahil nakapagbayad naman

siya ng multang P10. Maliban pa rito, natupad niya ang iba pang itinatakda ng batas panghalalan tulad ng pagkakaroon ng mabuting pag-uugali at dunong sa wikang Espanyol, at kawalan ng pagkakautang sa Hacienda Pública.

Sa naganap na halalan sa Bayan ng Gumaca noong 24 Abril 1890 na pinangunahan ni Don Yndalicio Gil (EDG, 1890), *oficial 3⁰ Interino* (ikatlong pansamantalang opisyal), at kinatawan ni Naranjo sa nasabing halalan, sina Don Cirilo Martines (nangunguna), Don Remigio Francia (pumapangalawa), at Don Juan Litargo (pumapangatlo) ang mga nominado sa pagka-gobernadorcillo. Hindi nagkakalayo ang nakuhang boto ni Martines (10 boto) kay Francia (siyam na boto), samantalang si Litargo ay may apat na boto. Sa tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo, tanging si Litargo lamang ang may pagkakautang sa Hacienda Pública na nagkakahalaga ng P36.75. Ibig sabihin nito, hindi siya kalipikado para sa pagka-gobernadorcillo alinsunod sa batas panghalalan.

Nagkakaiba naman sina Martines at Francia sa kaalaman sa wikang Espanyol. Ang una ay marunong bumasa, sumulat, at magsalita ng Espanyol, samantalang ang huli ay nakababasa at nakasusulat lamang. Dahil dito, si Martines ang inirekomenda para maging gobernadorcillo sa Bayan ng Gumaca ngunit hindi rin siya nakapagsilbi bilang pinuno dahil sa kaniyang pagkamatay, kung kaya ipinasya ng pamunuan sa Maynila na italaga si Francia sa ikalawang puwesto sa terna (EDG, 1890).

Sa kasong ito, kinakailangang ipaliwanag ng gobernador sibil ang kaniyang desisyon upang sumang-ayon ang Pamahalaang Sentral sa Maynila hinggil sa inirekomenda niyang pangalan para sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo. Nangyayari ito kung alam ng gobernador sibil na hindi nakatupad sa kalipikasyon ang mga nominado sa pagka-gobernadorcillo. Ang ganitong kaso ay makikita sa halalang naganap sa Bayan ng Lucena noong 20 Abril 1890. Sa halalang ito (EDG, 1890), ipinaliwanag ni Naranjo, ang gobernador sibil, ang kaniyang pagpili kay Don Melecio Allarey para maging gobernadorcillo sa Bayan ng Lucena.

Sa ulat na ipinadala ni Naranjo sa Maynila (EDG, 1890), binanggit niya na si Allarey ay naging teniente primero at nanguna sa pagtatag ng Lucena bilang bayan. Kapansin-pansin sa ulat na ito ang pagbanggit sa ginawa ni Allarey sa Bayan ng Lucena. Ipinapaalala ni Naranjo sa gobernador heneral na mahalaga ang naging papel ni Allarey para sa pagtatatag ng Bayan ng Lucena, at ito ang bentahe niya sa iba pang nominado para sa pagiging gobernadorcillo. Lumalabas sa tala ng hukuman na nakapagbayad si Allarey ng limang piso para sa kaso na may kaugnayan sa sugal noong 22 Nobyembre 1882. Katulad ito ng kaso ni Gutierrrez, na maaari pa ring mapili sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo dahil binayaran na niya ang naging multa sa kaniya. Subalit, ayon sa ulat ng kura paroko, isang kahinaan ni Allarey ang hindi niya pagkatuto ng wikang Espanyol.

Si Allarey ang nakakuha ng unang puwesto sa terna dahil sa bilang ng boto sa kaniya. Pumapangalawa si Don Severino Jalbuena na may animna boto. Sa ganitong kalagayan, malaki ang posibilidad na mapili sa posisyon si Jalbuena lalo

pa at may nakitang kahinaan sa kalipikasyon ni Allarey. Sa ulat ni Naranjo, ang tanging kahinaan ni Jalbuena ay may kaugnayan sa kaniyang pagsasalita sa wikang Espanyol. Walang naitalang kaso ng pagkakautang sa Hacienda Pública laban sa kaniya at maituturing siyang isang mamamayang masunurin sa batas dahil sa pagkakaroon niya ng mabuting pag-uugali. Samantala, hindi maaaring maitalaga muli sa posisyon sa pagka-gobernadorcillo si Don Bartolome Queblar dahil sa pagkakautang niya sa Hacienda Pública na nagkakahalaga ng P36.25. Sumasalamin din sa pagiging mahinang pinuno ni Queblar ang hindi maayos na daan sa Bayan ng Lucena, sang-ayon sa ulat ni Naranjo (EDG, 1890).

Naganap ang halalan sa Kabisera ng Tayabas noong 24 Abril 1890. Nanguna sa botohan si Don Marcelo Capistrano na may 12 boto. Sinundan siya ni Don Estevan Mendieta na may walong boto. Dahil sa suportang ibinigay sa kaniya ng mga kasapi ng electores, si Capistrano ang inaasahang itatalaga sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo. Sa mga naunang halalan, palaging pinagbabatayan sa pagpili ng gobernador heneral ang mga nominadong may maraming bilang ng boto ngunit hindi ito nangyari sa kaso ni Capistrano sapagkat higit na nakaapekto sa kaniya ang tala mula sa Hacienda Pública at Juez de la Instancia. Sa kadahilanang ito, si Mendieta ang pinili at itinalaga sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo (EDG, 1890).

Kahalintulad ng kaso ni Capistrano ang nangyari kay Don Vicente Supia sa halalan sa Bayan ng Pagbilao (EDG, 1890). Sa resulta ng botohan, si Supia ang nakakuha ng pinakamataas na bilang ng boto samantalang sina Don Andres Losi at Don Liborio Bermudez ang pumangalawa at pumangatlo sa terna. Sa naganap na halalan, si Supia ang tumatayong *gobernadorcillo accidental* (pansamantalang pinuno para sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo). Ibig sabihin nito, pinupunuan lamang niya ang terminong naiwan ng noon ay nasirang pinuno. Ayon sa batas panghalalan, sakaling mamatay, magkasakit, at hindi na kayang gampanan ng kasalukuyang gobernadorcillo ang kaniyang tungkulin, pansamantalang papalit sa kaniya ang teniente primero na bibigyan ng titulong gobernadorcillo accidental.

Kung susuriin ang naging takbo ng pagboto ng mga kasapi ng electores, masasabing naging malakas ang impluwensiya ni Supia dahil sa kaniyang kasalukuyang katungkulan sa Bayan ng Pagbilao bilang gobernadorcillo accidental. Lumalabas sa ulat ni Naranjo na si Supia, bilang gobernadorcillo accidental, ay may tala ng pagkakautang sa Hacienda Pública ng P1.12. Sa palagay ni Naranjo, maliit na halaga ang pagkakautang ni Supia kung kaya't iginigiit niyang hindi ito maaaring makaapekto sa kaniyang nominasyon. Bagkus, higit na nakaapekto kay Supia ang kaniyang naging panunungkulan sapagkat nakitang kahinaan niya bilang dating pinuno ang hindi niya pagpapatayo ng paaralan sa sakop na *visita* (hurisdiksyong teritoryal na binubuo ng mga magkakalapit na baryo, Doeppers & Peter, 1998, 291) ng Bayan ng Pagbilao. Maliban pa rito, hindi niya nagawang ipaayos ang kalye at daan para sa kapakinabangan ng mga mamamayan (EDG, 1890).

Si Bermudez ang itinalaga sa posisyon ng pagiging gobernadorcillo kahit siya ang nakakuha ng ikatlong puwesto sa terna. Kung susuriin ang ulat ni Naranjo, hindi kalipikadong maging gobernadorcillo si Bermudez dahil hindi siya nakapagsilbi sa anumang posisyon sa pamahalaan, tulad ng pagiging cabeza o teniente. Dagdag dito, may utang siya na piso sa Hacienda ayon sa ulat ng administrador ng Hacienda Pública. Ayon sa Artikulo 4 ng Circular de 5 de Octubre de 1847, hindi pinahihintulutan ang mga nominado na maging gobernadorcillo kahit sila ay mapili kung may pagkakautang sila sa Hacienda Pública. Sa palagay ni Naranjo, may pagkakataong kinakailangang isaalang-alang ang halaga ng pagkakautang, ibig sabihin, kung mababa ito sa piso, maaaring hindi ito makaapekto sa kaniyang pagiging nominado sa pagka-gobernadorcillo. Sa kaso ni Bermudez, naging konsiderasyon kay Naranjo ang kagandahang asal niya na makikita sa kaniyang pagsunod sa batas at ang maayos niyang panunungkulan. Kaya naman, kailangang mangibabaw ang aspektong ito ng kaniyang pagkatao kahit sa harap ng kaniyang pagkakautang sa estado (EDG, 1890).

Bilang pagtupad sa alituntunin ng batas panghalalan, hindi piniling maging gobernadorcillo ng Bayan ng Macalelon sina Don Serafino Orijuela at Don Norverto Traje dahil sa kanilang pagkakautang sa Hacienda Pública. Si Orijuela ay may utang na nagkakahalagang P2.07 samantalang si Traje naman ay nagkakautang ng P80.83. Sa tatlong nominado sa pagka-gobernadorcillo, tanging si Orijuela lamang ang walang utang sa Hacienda Pública, subalit napag-alaman mula sa ulat ni Padre Pablo Pajarillo na hindi maayos ang kaniyang kalusugan. Hindi tinanggap ang ulat na ito ng kura paroko sapagkat tanging ang doktor lamang sa Lalawigan ng Tayabas ang maaaring sumuri sa kalagayang pangkalusugan ng mga nominado sa pagka-gobernadorcillo. Kaya naman si Orijuela pa rin ang itinalagang gobernadorcillo sapagkat tanging siya lamang ang kalipikado para sa nasabing posisyon. Sakaling hindi niya magampanan ang tungkulin ng pagiging gobernadorcillo dahil sa kaniyang pagkakasakit, si Don Filomino Silvala, teniente primero, ang maaaring pumalit sa kaniya (EDG, 1890).

Kung itinalaga bilang gobernadorcillo si Orijuela kahit lumalabas sa ulat ni Pajarillo na siya ay may sakit, naiiba naman ang kaso ni Don Pedro Alcala sa halalan sa Bayan ng Sariaya. Hindi siya itinalagang gobernadorcillo kahit siya ang nakakuha ng pinakamaraming boto dahil sa kaniyang rayuma. Sa kasong ito, pinaniwalaan ni Naranjo ang ulat ni Don Florencio Emilio Fernandes, doktor sa Lalawigan ng Tayabas, patungkol sa epekto ng rayuma kay Alcala na nahihirapang kumilos at tumayo kapag inaatake nito. Sa ulat na ginawa pa rin ni Fernandes ukol naman sa kalusugan ni Don Dionicio Albela, pangalawang nominado sa pagiging gobernadorcillo, lumalabas na ang pagiging sakitin nito ay dulot ng kaniyang katandaan (74 taon gulang). Sa huli, itinalaga muling gobernadorcillo si Don Braulio de Villa (EDG, 1890).

## Ang kapangyarihang politikal ng gobernador at ilang repormang panghalalan sa konteksto ng Batas Maura

Ipinatupad ang Batas Maura noong 19 Mayo 1893 na ipinangalan sa may-akda nito na si Antonio Maura y Montañer, dating pinuno ng mga kolonya ng Espanya. Layunin ng batas na ito na bigyan ng pagsasarili sa pamamahala ang mga munisipalidad sa Pilipinas. Maituturing itong reporma ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas sapagkat hindi na limitado ang kapangyarihan sa pamumuno ng lokal na pamahalaan sa *capitán municipal* (titulong ipinalit sa gobernadorcillo). Binibigyan din nito ng kapangyarihan ang mga opisyal na bumubuo ng *tribunal municipal* (pambayang konseho) sa pamamahala ng mga proyekto para sa imprastraktura at pananalapi. Karaniwang komposisyon ng tribunal municipal ang sumusunod: (1) capitán municipal; (2) teniente mayor; (3) juez de ganados; (4) juez de sementeras; at (5) juez de policía. Maaari lamang magkaroon ng tribunal municipal ang isang bayan kung nakalilikom ito ng 1,000 cédula kada taon (Laurel, 1926, 36–38).

Ayon sa Batas Maura, binubuo pa rin ang electores ng anim na cabezas de barangay na nakapagsilbi nang 10 taon o higit pa, kasama ang mga kasalukuyang cabezas de barangay, at tatlong capitánes pasados. Ang repormang panghalalang sinimulan sa Batas Maura ay ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mamamayan na maging kasapi ng electores kahit hindi sila nakapagsilbi sa pamahalaan bilang cabezas de barangay at gobernadorcillo. Maaaring maging kasapi ng makapangyarihang grupo ng electores ang tatlong mamamayang may malaking halagang ibinabayad para sa *cédula personal* (sertipiko ng pagkakakilanlan na naglalaman ng pangalan ng may-ari, kasama ang kaniyang tirahan, katayuang sibil, at ang uri ng buwis na binabayaran, Robles, 1969, 244). Kung hindi makukumpleto ang anim na cabezas de barangay, pinapayagan sa Batas Maura na kumuha ng mga magiging kasapi nito mula sa hanay ng mga dating capitán municipal. Kung hindi pa rin makukumpleto ang bilang ng electores, maaaring punan ito mula naman sa mga mamamayang nagbabayad ng mataas na halaga ng cédula personal (Carlos, 1996, 14).

Ipinatupad sa Lalawigan ng Tayabas ang Batas Maura noong 2 Enero 1894 sa ilalim ng panunungkulan ni Don Enrique de Borbon y de Castellvi, Duke ng Sevilla. Ayon sa Artikulo 5 ng Batas Maura, kinakailangang magkaroon ng tribunal municipal at *delegados de la principalía* (mga kinatawang opisyales mula sa hanay ng mga principalía) ang bawat pueblo. Ang mga unang taon ng pagpapatupad ng Batas Maura ay itinuturing na transisyunal na yugto; ibig sabihin, pinapayagan ang gobernador (sa panahong ito tinatawag ang pinuno ng lalawigan na gobernador at pinalitan ang dating titulong gobernador sibil) ng bawat lalawigan sa Pilipinas na panatilihing kasapi ng tribunal municipal ang mga kasalukuyang opisyal habang hindi pa naisasagawa ang halalan. Kaya naman, mapapansin sa dokumentong ipinadala ni de Castellvi sa Superior Autoridad ang pangalan ng mga dating opisyal na nahalal noong 1892. Tiningnang bentahe ito ng mga nakaupong opisyales sapagkat maaaring mas lumawig pa ang kanilang

panunungkulan sa pamahalaan. Sa ipinadalang ulat ni de Castellvi noong 1894, binubuo ang Lalawigan ng Tayabas ng 19 na bayan; ibig sabihin, nadagdagan na ito ng mga bagong bayan mula 1846 tulad ng Alfonso XIII, dating visita ng Lucban; at Lucena, dating visita ng Tayabas. Ginawang bayan ang Alfonso XIII at Lucena dahil nakatutupad sila sa hinihinging bilang ng populasyon at pagbabayad ng buwis na itinatakda ng pamahalaang Espanyol. Sa taong ito (1894), tanging ang Bayan ng San Narciso at Bayan ng Unisan ang hindi pa ginagawang municipal tribunal sapagkat hindi sapat ang koleksiyon ng mga ito ng cédula personal (EDG, 1894).

Ayon sa tala sa Pambansang Sinupan, apat na bayan lamang sa Lalawigan ng Tayabas ang nagsagawa ng halalan sa panahong ipinatupad ang Batas Maura: Sariaya, Tayabas, Atimonan, at Calauag. Ipinadala ni Don Mariano Rojas, kalihim ng Lalawigan ng Tayabas, ang tala ng halalan ng Bayan ng Sariaya at Bayan ng Tayabas sa direktor heneral ng pamahalaang sibil sa Maynila noong 22 Disyembre 1894. Iniulat sa naganap na halalan sa Bayan ng Sariaya na pinahintulutan ng capitán municipal ang anim na kasapi ng delegados kahit may tala ng pagkakautang ang mga ito sa Hacienda Pública (EDG, 1894). Sa pangyayaring ito, nilabag ng capitán municipal ang Batas Maura na nagtatakda na hindi maaaring maging kasapi ng mga delegado ang sinumang may tala ng pagkakautang sa estado. Makikita sa talaan ng kalipikasyon ng mga delegado sa ilalim ng Batas Maura ang pagkakatulad nito sa Circular de 5 de Octubre de 1847 na hindi binago sa panahon ng pagpapatupad ng huli. Sa aklat ni Jose P. Laurel (1926) na *Local Government in the Philippine Islands*, binanggit na ang mga kalipikasyon para maging kasapi ng delegado para sa halalang lokal sa Pilipinas, ay ang mga sumusunod:

> Ang mga sumusunod ay hindi maaaring mapili bilang botante: (1) yaong nilitis at nahatulang mabilanggo; (2) yaong pinarusahan ng pamahalaan dahil sa masamang gawain; (3) yaong napatawan na parusang korporal o diskalipikasyon; (4) yaong nasaklaw ng interdiksiyong sibil o pagbabantay ng mga maykapangyarihan sa pamamagitan ng hatol ng mga korteng panghukuman; (5) yaong may pagkakautang sa munisipyo, pamahalaang panlalawigan, o anumang pampublikong tesorerya; (6) yaong may kontrata sa pambayang konseho, pamahalaang panlalawigan, o sa estado, na magsasagawa nito ayon sa mga limitasyon ng munisipalidad; at (7) yaong sinampahan ng kaso ng kanilang pambayang konseho. (39)
>
> [The following could not be designated as electors: (1) those who had been prosecuted and sentenced to imprisonment; (2) those who had been disciplined by the Government for bad conduct; (3) those who had suffered corporal punishment or disqualification; (4) those who were subject to civil interdiction or vigilance of the authorities by a sentence of courts of justice; (5) those who were debtors to municipal, provincial, or any other public treasury; (6) those who had contracts with the municipal council, the province, or the State, to be performed within the limits of the municipality; and (7) those who had suits against the municipal council to which they belonged. (39)]

Alinsunod sa Artikulo 44 ng Batas Maura, binibigyan ng kapangyarihan ang gobernador ng mga lalawigan na patawan ng suspensiyon ang capitán municipal na hindi bababa sa tatlong buwan. Kung kaya, pinawalang-bisa ng pamahalaang sibil ang nangyaring halalan sa Sariaya at inaprubahan sa halip ang tatlong buwang suspensiyon ng capitán municipal noong 3 Enero 1895, dahil sa paglabag nito sa Batas Maura nang pinahintulutan ng huli na maging kasapi ang anim na delegados na mayroong pagkakautang sa estado. Natanggap ni Don Ricardo Lorite, Gobernador ng Lalawigan ng Tayabas, ang ulat mula sa pamahalaang sibil noong 8 Enero 1895, hinggil sa suspensiyon ng capitán municipal at ang pagpapawalang-bisa sa naganap na halalan (EDG, 1894).

Sa kaso naman ng halalan sa bayan ng Calauag noong 17 Enero 1895, ipinadala sa pamahalaang sibil sa Maynila ang ulat tungkol kina Don Victor Maraña at Don Mariano Causana bilang mga miyembro ng delegados de la principalía kahit may pagkakautang sila sa pamahalaan. Nalagay din sa parehong kalagayan ang mga nahalal na capitán municipal at teniente mayor kung kaya't inirekomenda ng mga bumubuo ng Junta Provincial sa gobernador ng Lalawigan ng Tayabas na ipawalang-bisa ang nasabing halalan (EDG, 1895).

Ayon sa katitikan ng pulong para sa nasabing halalan, hindi pa nakapagbigay ng resolusyon ang gobernador para sa pagpapawalang-bisa ng halalan kahit pa isinasaad sa Artikulo 6 ng Batas Maura na sa pagkakataong mayroong maghain ng reklamo sa halalan, kinakailangan itong bigyan ng resolusyon ng gobernador sa loob ng tatlong araw. Sapagkat hindi pa ito nabibigyan ng resolusyon, hinihiling sa ulat na tanggapin ng gobernador heneral ang pagpapawalang-bisa sa halalan sa Bayan ng Calauag. Hindi ito nangyari, bagkus ay ibinalik ang kahilingang ito sa tanggapan ng gobernador na siyang magpapasya hinggil sa pagpapawalang-bisa ng halalan. Ipinahayag ni Lorite ang pagpapawalang-bisa sa nasabing halalan noong 4 Pebrero 1895 (EDG, 1895).

Katulad din sa Bayan ng Sariaya at sa Bayan ng Calauag, nangyari ang pagpapawalang-bisa ng halalan sa Kabisera ng Tayabas noong 9 Enero 1895, sa dahilang tatlo sa mga delegado ang iniulat na may pagkakautang sa Administración de Depositaria de Hacienda. Ayon sa ulat, hiniling ng mga kasapi ng Junta Provincial na muling pumili ng mga delegado upang hindi na ito ipawalang-bisa. Hindi sinang-ayunan ng gobernador ang rekomendasyon ng Junta Provincial sapagkat malinaw na hindi ito pinapayagan sa Batas Maura. Binuo ang Junta Provincial ng pamahalaang Espanyol para tiyaking ipinatutupad ang reporma sa bawat bayan sa Pilipinas. Ayon kay Laurel (1926):

> Upang ipatupad ang layunin ng pagsisiyasat at pangangasiwa sa mga pamahalaang bayan [alinsunod sa Batas Maura], itinatag sa bawat kabisera ng mga lalawigan ang sangguniang panlalawigan na binubuo ng piskal, pinuno ng pananalapi, kinatawan ng lalawigan, kura parokong nakadestino sa kabisera, panlalawigang pinuno para sa

kalusugan, at apat na prominenteng mamamayang inihalal ng mga capitán municipal. Kasamang kasapi ang gobernador bilang tagapangulo nito. (43)

[For the purposes of inspection and supervision over municipal governments, there was created in each capital of the province a provincial board composed of the prosecuting attorney, the administrator of finance, the vicars of the province, the parish priest of the capital, the provincial doctor, and four prominent residents the capital elected by the municipal captains of the province. The governor of the province was ex oficio chairman of the board. (43)]

Maiuugat ang pagpapawalang-bisa sa halalan dahil sa pagkakautang ng mga kasapi ng mga delegado sa Hacienda Pública. Naiiba naman ang kaso ng halalan sa Bayan ng Atimonan sapagkat nais namang ipawalang-bisa ang pagkakapili kay Don Vicente Manalo bilang capitán municipal sa dahilang hindi siya marunong magsalita ng Espanyol, alinsunod sa Artikulo 9 ng Batas Maura—isang kakulangan na hindi naging hadlang sa kaniyang pagkakapili sapagkat may inilabas na Superior Decreto noong 18 Disyembre 1895 na nagpapahintulot na maaaring maging capitán municipal, tenientes, at suplentes yaong mga walang kaalaman sa wikang Espanyol, kung may kakulangan sa bilang ng mga kalipikadong mamamayan (EDG, 1895). Sa pagtatasa ng gobernador heneral sa kaso ni Manalo, inirekomenda niyang sundin ang nakasaad sa Artikulo 6 sa Batas Maura na ang gobernador ang magbibigay ng resolusyon para sa kasong kagaya nito. Sa resolusyon ni Lorite, pinili niyang ipatupad sa kaso ni Manalo ang Superior Decreto na may petsang 18 Disyembre 1895, kung kaya't nanatiling capitán municipal ng Bayan ng Atimonan si Manalo.

Kung susuriin ang halalan sa Lalawigan ng Tayabas sa panahon ng pagpapatupad ng Batas Maura, mapapansing pinalawig ng huli ang kapangyarihang politikal ng gobernador dahil nabigyan ito ng kapangyarihang ipawalang-bisa ang mga halalang hindi naaayon sa Batas Maura. May mga pagkakataong hindi niya sinusunod ang kautusan ng gobernador heneral at sa halip, gumagawa ng pagpapasya na taliwas sa naisin ng nakatataas na opisyal sa Pilipinas.

## Konklusyon

Kung susuriin ang prosesong elektoral sa panahon ng kolonyalistang Espanyol, tanging nominasyon ng pangalan lamang ang pinipili at hindi nagaganap ang paghahalal sa gobernadorcillo sapagkat ang pagpapasya sa magiging pinuno ng pueblo ay nakasalalay sa kapangyarihan ng gobernador heneral. Sa proseso ng halalan, nabubunyag lamang ang pangalan ng mga kandidato para sa pagka-gobernadorcillo pagkatapos ng botohan. Ibig sabihin nito, ang partisipasyon ng mga botante sa halalan ay sa pagpili lamang ng mga kandidato sa pagka-gobernadorcillo at wala silang kapangyarihang maghalal nang magiging pinuno

sa pueblo. Gayunpaman, nakasisiguro silang ang mga kandidatong pinili nila sa halalan ang itatalagang gobernadorcillo ng gobernador heneral na nagmumula sa hanay ng mga principalía.

Nagsagawa ng mga repormang panghalalan ang pamahalaang Espanyol para maiangat ang kalipikasyon ng mga botante ngunit pinanatili nitong kasapi ang mga naghaharing uri sa lipunan na binubuo ng mga dati at kasalukuyang opisyales sa pueblo. Iniaangat nito ang pagtingin sa gobernadorcillo bilang lehitimong opisyal na pinili at itinalaga ng gobernador heneral. Kaakibat ng pagiging gobernadorcillo ang malaking tungkuling iniaatang sa kaniya bilang tagapangasiwa ng mga gawaing politikal sa pueblo. Pinakalitaw na kalipikasyong dapat taglayin ng gobernadorcillo at botante ang pagkakaroon nila ng hanapbuhay o pinagkakakitaan para matiyak ng pamahalaang Espanyol na may kakayanan silang makapagbayad ng media-anata. Sa ganitong pamamaraan, ginawang instrumento ang halalan para sa pagkakaltas ng yaman ng mga principalía, bukod pa sa ibinabayad nilang buwis sa pamahalaang Espanyol. Para mapataas ang koleksiyon sa media-anata, kapansin-pansin ang paglilikha ng mga posisyong masasabing hindi naman mahalaga para sa gampaning politikal sa pueblo.

Ang daloy ng kasaysayan ng halalang lokal sa Pilipinas noong ikalabing-siyam na dantaon ay nakapaloob sa batas, sirkular, at dekreto na ipinatupad ng pamahalaang Espanyol kung saan mababasa ang mga alituntunin na kailangang sundin para sa pagsasagawa ng prosesong elektoral hinggil sa pagpili ng gobernadorcillo. Sa naratibo ng halalang lokal sa Lalawigan ng Tayabas, maliwanag na makikita rito ang pagkakaroon ng tunggalian sa kapangyarihan ng simbahan at estado para sa pagpili ng mga kandidatong kaalyado nila upang maitalagang gobernadorcillo sa pueblo. Kaya naman, ang pagpipilit na mailagay sa posisyon ang kaalyadong principalía ay isang napakahalagang bagay sa estado at simbahan. Ang itatalagang gobernadorcillo ay sumisimbolo sa pagtatagumpay ng alinmang grupo—kura paroko at gobernador sibil.

Pinakamahalagang repormang panghalalan sa bansa ang pagpapatupad ng sistemang check and balance bilang konseptong politikal na sumisira sa dominasyon ng kapangyarihan ng isang uri. Pinipigilan nito ang pagmamalabis sa kapangyarihan ng simbahan at estado sa mga kandidatong kaalyado nila. Maaaring sabihing napakaganda ng mga layunin ng sistemang check and balance sa halalang lokal sa Pilipinas ngunit kinakailangang balikan ang mga datos sa Pambansang Sinupan ng Pilipinas kung saan nagaganap ang pagpapantay ng kapangyarihang politikal sa ibang lalawigan at di-lamang sa Tayabas. Kaya naman, sinusubukang buksan ng pananaliksik na ito ang ibang usaping politikal ukol sa prosesong elektoral sa Pilipinas tulad ng mga estratehiya at taktikang ginamit ng simbahan, estado, at principalía para ilagay sa posisyon ng pagka-gobernadorcillo ang mga kandidatong kaalyado nila.

## SANGGUNIAN


Bankoff, G. (1992). Big Fish in Small Ponds: The Exercise of Power in a Nineteenth-Century Philippine Municipality. *Modern Asian Studies*, *26*, 679–700.

Blair, E. H., & Robertsons, J. A. (ed. and trans.). (1907). *The Philippine Islands 1493–1898: Explorations by early navigators, descriptions of the islands and their peoples, their history and records of the Catholic missions, as related in contemporaneous books and manuscripts, showing the political, economic, commercial and religious conditions of those islands from their earliest relations with European nations to the close of the nineteenth century* (Vol. 50). Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Carlos, C. (1996). *Election in the Philippines from pre-colonial period to the present.* Makati City: Konrad Adenauer Foundation.

Concepcion, G. L. (2014). Disciplinary Cases of Filipino Teachers in the Late 19th Century. *Social Science Diliman, 10*, 1–27.

Doeppers, D. F., & Xenos, P. (1998). *Population and History: The Demographic Origins of the Modern Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Elecciónes de Gobernadorcillos (Elections of Gobernadorcillo) (1846–1847). *Actas de elecciónes del ministro del pueblo dela provincia de Tayabas* (Minutes of elections of the minister of the town in the province of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos (1848–1850). *Actas de elecciónes del ministro del pueblo dela provincia de Tayabas* (Minutes of elections of the minister of the town in the province of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos (1890–1892). *Expediente sobre elección de Gobernadorcillo y ministro de justicia dela provincia de Tayabas* (Record of the election of Gobernadorcillo and the minister of justice in the province of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos (1892–1894). *Expediente sobre elección de Gobernadorcillo y ministro de justicia dela provincia de Tayabas* (Record of the election of Gobernadorcillo and the minister of justice in the province of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos (1894). *Expediente sobre elecciónes para cargos municipales de Sariaya* (Record of the elections for the municipal posts in Sariaya). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos. (1894). *Expediente sobre elecciónes municipales de la Cabecera de Tayabas* (Record of the municipal elections in the Capital of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos. (1895). *Expediente sobre elección de Capitan Municipal de Atimonan hecha a favor de Don Vicente Manalo*(Record of election of the Municipal Captain of Atimonan in favor of Don Vicente Manalo). Philippine National Archives, Manila.

Elecciónes de Gobernadorcillos. (1895). *Expediente sobre elecciónes para cargos municipales del pueblo de Calauag de la provincia de Tayabas* (Record of elections for the municipal posts in the town of Calauag of the province of Tayabas). Philippine National Archives, Manila.

Guerra, J. A. (1887). *Viajes por Filipinas: de Manila a Tayabas* [Travel Philippines: From Manila to Tayabas]. Madrid: Imprenta de Fortanet.

Laurel, J. P. (1926). *Local Government in the Philippine Islands.* Manila: La Pilarica Press.

May, G. A. (1987). *A Past Recovered: Essays on Philippine History and Historiography.* Quezon City: New Day Publishers.

Noceda, J., & San Lucar, P. (1832). *Vocabulario de la Lengua Tagala* [The Tagalog Language]. Valladolid: Imprenta de Higino Roldan.

Palad, R. V. (2012). Ang Cabecera ng Lalawigang Tayabas sa Panahon ng "Hari," Duke at Prayle [The Capital of the Province of Tayabas in the period of the "King", the Duke and the Friar]. Nasa *PULI: Paniniwala, Ugnayan, Lipunan at mga Imahe sa Panahon ni Apolinario de la Cruz* [PULI: Beliefs, relations, society and images in the time of Apolinario de la Cruz]. Tayabas, Quezon: ATAGAN, Inc.

Robles, E. (1969). *The Philippines During the 19th Century.* Quezon City: Malaya.



PASASALAMAT

Ang pananaliksik na ito ay pinondohan ng Philippine Social Science Council – Research Award Program at CHED Dissertation Grant.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si **Gilbert E. Macarandang** (gemacarandang@dlsud.edu.ph**)** ay nagtapos ng doktorado sa Araling Pilipinas (Philippine Studies) sa Pamantasang De La Salle-Manila. Ang kaniyang disertasyon patungkol sa kasaysayan ng eleksiyon sa Lalawigan ng Tayabas ay binigyan ng pagkilala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa Gawad Julian Cruz Balmaseda 2016. Sa kasalukuyan, nagtuturo siya ng kasaysayan sa Pamantasang De La Salle-Dasmariñas**.**

**Gilbert E. Macarandang** (gemacarandang@dlsud.edu.ph) is a graduate of Doctor of Philosophy in Philippine Studies at De La Salle University–Manila. At present, he is a faculty member of the Social Sciences Department at De La Salle University-Dasmariñas. His dissertation on election history was awarded by the Komisyon sa Wikang Filipino with the Gawad Julian Cruz Balmaseda 2016.